**LUNGSOD NG PITTSBURG**

**ABISO NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG**

**PROGRAMA NG GAWAD SA BLOCK NG PAGPAPAUNLAD NG KOMUNIDAD (COMMUNITY DEVELOPMENT BLOCK GRANT, CDBG)**

SA PAMAMAGITAN NITO AY IBINIBIGAY ANG ABISO:

May gaganaping pampublikong pagdinig sa harap ng Konseho ng Lungsod ng Lungsod ng Pittsburg para isaalang-alang ang pag-apruba ng Taunang Plano ng Pagkilos (Annual Action Plan, AAP) ng CDBG sa Piskal na Taon (Fiscal Year, FY) na 2024-25.

Gaganapin ang pagpupulong sa Lunes, Mayo 06, 2024, nang 7:00 P.M. sa Mga Kamara ng Konseho ng Munisipyo na matatagpuan sa 65 Civic Ave, Pittsburg, California, sa ika-3 palapag.

Inaatasan ng Departamento ng Pabahay at Panglungsod na Pagpapahusay (Housing and Urban Development, HUD) ang Lungsod ng Pittsburg (Lungsod) na maghanda at gumamit ng AAP para sa Mga Pondo ng CDBG. Saklaw ng draft na AAP ang panahon mula sa Hulyo 1, 2024 hanggang Hunyo 30, 2025, at inilalarawan nito ang mga programa at serbisyong popondohan ng Lungsod sa FY 2024-25.

Ang Lungsod ay hurisdiksyong may karapatan sa CDBG at nakatanggap ng $619,585 mula sa HUD para sa FY 2023-24. Kahit hindi pa inilalabas sa ngayon ang mga alokasyon para sa FY 2024-2025, tinatayang makakatanggap ang Lungsod ng mga pondong malapit sa mga antas ng alokasyon sa FY 2023-2024. Ayon sa nakatakdang formula sa mga regulasyon sa HUD, may 15% limitasyon para sa Mga Pampublikong Serbisyo (Public Services, PS) at 20% limitasyon para sa pangangasiwa ng programa at mga aktibidad sa pagpaplano (Admin). Ang kabuuang halaga ng mga pondo ng CDBG na obligado para sa mga aktibidad sa PS ay hindi dapat lumampas sa 15% ng kabuuan ng gawad ng karapatan para sa taon ng programa *kasama* ang natanggap na Kita ng Programa (Program Income, PI) sa panahon ng nakaraang taon. Ang alokasyon ng mga gastos sa oras ng tauhan at overhead na singil sa Admin ay hindi dapat lumampas sa 20% ng kabuuan ng gawad ng karapatan para sa taon ng programa *kasama* ang tinatayang kita mula sa PI na matatanggap sa panahon ng parehong taon ng programa. Ang natitirang 65% ng mga pondong available para sa alokasyon ay maaaring iobliga sa mga aktibidad sa Pang-ekonomiyang Pagpapahusay, Pabahay, at Imprastraktura/Mga Pampublikong Pasilidad (kolektibong kilala bilang “Iba pa”). Alinsunod sa mga tuntunin ng Lungsod, ang minimum na halagang maaaring igawad ay $10,000. May $146,303 ang Lungsod sa Kita ng Programa na kinita sa FY 2023-2024 na idaragdag sa karapatang natanggap mula sa HUD.

Available para sa pagsusuri online ang mga kopya ng draft na APP sa 2024-25 sa website ng Lungsod o sa mga karaniwang oras ng negosyo sa tanggapan ng Klerk ng Lungsod, na matatagpuan sa 65 Civic Ave., ika-1 palapag at sa Pampublikong Aklatan ng Pittsburg, na matatagpuan sa 80 Power Ave.

Hinihikayat ang mga interesadong partido na magpadala ng mga komento tungkol sa draft na AAP. Tatanggapin ang mga nakasulat na komento mula Abril 05 – Mayo 05, 2024, at dapat isumite ang mga ito sa CDBG Program Administrator, Ishani Rasanayagam, City of Pittsburg, 65 Civic Ave, Pittsburg, CA 94565 o i-email ang mga ito sa irasanayagam@pittsburgca.gov.

Naa-access ng may kahirapan sa paggalaw ang Munisipyo. Dapat makipag-ugnayan kay Ishani Rasanayagam ang mga may kapansanang indibidwal na nangangailangan ng espesyal na akomodasyon para makalahok sa proseso ng pampublikong pagdinig nang hindi bababa sa 72 oras bago ang pagpupulong. Maaaring tumawag sa California Relay Service sa (800) 735-2929 para sa tulong ang mga indibidwal na may kahirapan sa pandinig.

Kung mayroon kang anumang komento o tanong, tumawag sa (925) 252-4155.

PETSA NG PAGLALATHALA: Abril 05, 2024

Pinetsahan: Marso 28, 2024

for Alice E. Evenson, Klerk ng Lungsod